# Ang Pag-set up ng Iyong Digital-to-Analog Converter Box (Basic)

# FCC Consumer Facts




Coaxial Wire


Inilalarawan ng Fact Sheet na ito ang pag-instala ng isang digital-to-analog converter box gamit ang iyong kasalukuyang ginagamit na antenna at analog TV. Tutulungan ka ng patnubay na ito na maghanda upang malaman mo kung ano ang mangyayari kapag bumili ka ng isang converter box at kung maaaring kailangan mo ng tulong sa pag-set up nito.

**Supplies:** Kakailanganin mo ang iyong analog TV, ang antenna na kasalukuyang ginagamit mo (sa loob o labas ng bahay), at ang coaxial wire na kasalukuyang nagkokonekta ng iyong antenna sa iyong TV (tulad ng nakalarawan sa kanan). Ang iyong bagong converter box ay may kasamang coaxial wire at isang remote control. Bago mo simulan ang instalasyon ng converter box, dapat mo munang tanggalin sa saksakan ang iyong TV.


Step ❶ Tanggalin sa saksakan ang kasalukuyang naroroong coaxial antenna wire mula sa iyong TV "Antenna In (RF)" port.




Step ❷ Isaksak ang kasalukuyang naroroong coaxial wire sa "Antenna In (RF)" port ng iyong Converter Box.




Step ❸ Gamit ang coaxial wire na kasama ng iyong Converter Box, isaksak ang isang dulo sa "Out To TV (RF)" port sa Converter Box. Isaksak ang kabilang dulo sa "Antenna In (RF)" port ng iyong TV.




Step ❹ Isaksak ang power cords ng iyong Converter Box at TV sa isang power outlet, at paandarin ang iyong TV at Converter Box. Gamit ang mga tagubilin na kasama ng iyong Converter Box, ilagay ang iyong TV sa channel 3 o kaya 4. Gamit ang remote na kasama ng iyong Converter Box, sundin ang on-screen set-up guide upang i-scan ang mga makukuhang DTV channel, at simulang panoorin ang Digital Television!

- Kung ang iyong Converter Box ay may "analog pass-through" feature, pahihintulutan ka rin ng set up na ito na makuha ang anumang mga istasyon na nagpapalabas pa rin sa analog sa iyong lugar. Sundin ang mga tagubilin na kasama ng iyong Converter Box upang malaman kung paano mag-tune ng analog channels.
- Upang malaman kung paano ikabit ang iyong converter box kung wala itong analog pass-through feature o upang malaman kung paano ikabit ang iyong converter box sa ibang components tulad ng isang VCR, magpunta sa www.dtv.gov o kontakin ang FCC sa pamamagitan ng pag-email sa dtvinfo@fcc.gov; o tumawag sa 1-888-CALL-FCC (1-888-225-5322) voice o 1-888-TELL-FCC (1-888-835-5322) TTY.

*Ang dokumentong ito ay isinagawa upang magbigay-kaalaman lamang sa consumer at hindi upang maapektohan an anumang proceeding o mga kaso na may kinalaman sa paksa na ito o mga kaugnay na isyu.* 06/09/08

Federal Communications Commission ▪ Consumer & Governmental Affairs Bureau ▪ 445 12th St., SW ▪ Washington, DC 20554
1-888-CALL-FCC (1-888-225-5322) ▪ TTY: 1-888-TELL-FCC (1-888-835-5322) ▪ Fax: 1-866-418-0232 ▪ www.fcc.gov/cgb